


Mga Hakbang Laban sa Bagyo at Baha para sa ating mga Tahanan²




Mag-evacuate sa Iba't Ibang Lugar para Maiwasan ang Siksikan

Bukod sa pagpunta sa mga opisyal na evacuation centers, magplano na rin ng iba pang matutuluyan tulad ng bahay ng kamag-anak o kakilala, mga hotels, o kaya ay mag-stay muna sa sariling bahay (shelter-in-place) kung safe naman.

Paglikas¹ Pag-alis ng Bahay

Bahay ng kamag-anak/kakilala, o mga tuluyan tulad ng hotel

Lumikas sa bahay ng kakilala o sa isang hotel na nasa safe na lugar. Kung delikado na talaga, huwag nang mag-atubiling pumunta sa pinakamalapit na designated evacuation center.



Designated evacuation center Bahay ng Kakilala Hotel o tuluyan

Paglikas² Pananatili sa Loob ng Bahay / Vertical Evacuation

Pagstay sa sariling bahay

Kung ang bahay mo ay wala sa Landslide Warning Zone, o kahit nasa Flood Zone kayo pero hindi naman aabot ang baha sa mismong loob ng bahay (baha sa ilalim lang ng sahig), at pwede kayong umakyat sa 2nd floor pataas (vertical evacuation), mas mabuting manatili na lang sa loob at i-secure ang inyong safety doon.



Tungkol sa mga Landslide sa Yamato City

May tatlong uri ng pagguho ng lupa: **mudflow (dosekiryū)**, **landslide (jisuberi)**, at **cliff collapse (gakekuzure)**. Sa Yamato City, may mga lugar na **may banta ng cliff collapse (pagguho ng matatarik na bangin)**. Kapag napansin mo ang mga sumusunod na palatandaan, lumikas na agad.

Pagguho ng Matatarik na Bahagi / Cliff Collapse

Ito ay ang biglaang pagguho ng ibabaw na bahagi ng bangin o dalisdas dahil sa pagpasok ng matinding

ulan o epekto ng lindol. Napakabilis nitong mangyari, kaya kung may mga bahay sa malapit, madalas na

hindi na nakakatako sa oras ang mga tao, na nagiging sanhi ng kapahamakan sa buhay.



Mag-ingat sa mga ganitong Palatandaan!

- May bumubugal na tubig mula sa bangin, o nagiging maputik/malabo ang tubig.
- May mga lamat o bitak (cracks) na lumilitaw sa bangin.
- May mga maliliit na bato na nagsisimulang maghulugan mula sa dalisdas.
- May naririnig na tunog ng napuputol na ugat ng puno, o nagsisimulang tumagilid o matumba ang mga puno.

Alam mo ba ang "2 uri ng Warning Zones" para sa Landslide?


Ang "Landslide Warning Zone" (Yellow Zone) at "Landslide Special Warning Zone" (Red Zone) ay opisyal na itinalaga ng Kanagawa Prefecture ayon sa batas. I-check kung malapit ang bahay mo sa mga zones na ito, at magplano ng inyong evacuation center at route para laging handa.

「Landslide Warning Zone」 (Kilala bilang Yellow Zone)

Ito ang lugar na delikado sa buhay o kaligtasan ng mga residente kapag nagkaroon ng landslide. Sa zone na ito, inihahanda ng pamahalaan ang mabilis na pagpapakalat ng impormasyon at mga emergency systems para mas madaling makapag-evacuate ang mga tao.

「Landslide Special Warning Zone」 (Kilala bilang Red Zone)

Ito ang pinakapeligrosong lugar kung saan maaaring mawasak ang mga gusali at magdulot ng matinding kapahamakan sa buhay ng tao kapag nagka-landslide. Dahil dito, may mahigpit na restriksyon sa pagpapatayo ng mga estruktura, at maaari ding magpalabas ng utos para lumipat ng tirahan (relocation advice).



Gamitin ang "Yamato City Disaster Map" o ang "Kanagawa Prefecture Landslide Information Portal" (i-scan ang QR code sa kanan) para i-check kung ang lokasyon ninyo ay nasa loob ng mga delikadong warning zones.

